Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG NOBYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 257-2020**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN AT KAPAHINTULUTAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAIPAGKALOOB ANG MGA BENEPISYONG LAAN SA CHAIRMAN O TAGAPANGASIWA NG OFFICE OF THE SENIOR CITIZEN'S AFFAIR (OSCA), ALINSUNOD SA R.A. 9994 "EXPANDED SENIOR CITIZEN'S ACT", GAYUNDIN ANG PAGKAKALOOB NG HONORARIUM, KATUMBAS NG SALARY GRADE 10 O' MAS HIGIT PA.**

**AKDA NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNSOD NG MALOLOS**
**ITINAGUYOD NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. NOEL R. SACAY**

**SAPAGKAT,** lumiham ang Tagapangulo (Chairman) ng Office of the Senior Citizen's Affair o' OSCA sa pamamagitan ni G. Lito Santiago ukol sa kahilingang maipagkaloob ang mga benepisyong laan mula ng mga taong 2010-2017;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng Republic Act No. 9994 o' mas kilala sa taguring "Expanded Senior Citizen's Act" ang pagtatatag ng Office of the Senior Citizen's Affair (OSCA) na siyang pangunahing magtataguyod at magbabalangkas ng mga programa at magbabalangkas ng mga programa at proyekto para sa Senior Citizen;

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 3 ng Implementing Rules and Regulsations (IRR) ng Republic Act No. 9994 ay ang pagtatalaga ng OSCA Chairman na tatanggap ng "Honorarium" katumbas o higit sa Salary Grade 10;

**SAPAGKAT,** naitalaga si OSCA Chairman Lito Santiago noong Nobyembre 2010 hanggang sa kasalukuyan (2020) at may mga taong ang naipagkaloob lamang na "honorarium" ay mababa sa Salary Grade 10;

**SAPAGKAT,** para sa taong 2018-2020 ay naipagkaloob kay OSCA Chairman ang buwanang "honorarium" na P20,000.00;

**SAPAGKAT,** malaki ang naging gampanin, ambag at sakripisyo ni G. Santiago sa ikatatagumpay ng mga programa at proyektong ukol sa pagpapalakas ng sektor ng Senior Citizen, gaya ng Bagong Gusali ng OSCA na matatagpuan sa sampung (10) ektaryang lupain ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** marapat lamang na masuklian ng Pamahalaang Panlungsod ang pagpapagod at paglilingkod ni G. Lito Santiago;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa mga adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ang pagtataguyod ng mga programa na magpapalakas ng sektor ng Senior Citizen;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, ayon sa *Section 16 of Republic Act 7160* o' mas kilala sa taguri na Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991, *"Local Government Unit shall ensure and support, among other things, the prevention and enrichment of culture, promote health and safety, enhance the right of the people to a balanced ecology, encourage and support the development of appropriate and self-reliant scientific and technological capabilities, improve public morals, enhance economic prosperity and social justice, promote full employment among their residents, maintain peace and order, and preserve the comfort and convenience of the inhabitants"*, kung saan tungkulin ng pamahalaang lokal na isulong ang kagalingang panlahat at kapakanan at kabutihan ng publiko;

Sa kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPNASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na 'binibigyang kapangyarihan at kapahintulutan ang mabunying Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian na maipagkaloob ang mga benepisyong laan sa Chairman o Tagapangasiwa ng Office of the Senior Citizen's Affair (OSCA) alinsunod sa R.A. 9994 "Expanded Senior Citizen's Act", gayundin ang pagkakaloob ng Honorarium, katumbas ng Salary Grade 10 o' mas higit pa.

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11162020